

Deklarasyon Ng Kalagayang Emerhensya Medikal Sa Siyudad Ng Sapporo

Mayo 5, 2021

Sapporo City Mayor, Katsuhiko Akimoto
Hokkaido Governor, Naomichi Suzuki
Sapporo Medical Association President, Harumichi Matsuka
Hokkaido Medical Association President, Kiyoshi Nagase
Hokkaido Hospitals Association Chairman, Hirohiko Nakamura
All Japan Hospital Association Hokkaido Branch Chief, Satahisa Tokuda
Japan Hospital Association Hokkaido Block Chief, Shigemichi Tanaka
Japan Social Medical Corporation Council Hokkaido Branch Chief, Hirotohi Nishizawa
Hokkaido Nursing Association President, Junko Ueda

Nagkaroon nang mabilis na pagdami ng mga pasyenteng nahawahan ng COVID-19 sa lungsod ng Sapporo, at ang dami nang bilang ng mga pasyente sa ospital ay naitalang napakataas. Dahil sa kalagayang ito, at ang kakulangan nang sapat na bilang ng mga kama sa mga institusyong medikal sa lungsod, ang sistema ng medical care provision ay napilitang gumawa ng hakbang gaya ng pagpapadala sa mga pasyente na kinakailangang ipasok sa ospital sa kalapit na lungsod o siyudad.

Kung walang pagbabago, maraming pasyente ang hindi maipapasok sa ospital nang agaran, at aming kinatatakutan ang mas masamang maaaring mangyari, at maaaring mamatay ang mga pasyente sa kanilang tahanan habang naghihintay nang pagpasok sa ospital.

Nakataya ang buhay ng mga mamamayan ng lungsod ng Sapporo, at maaaring masabi na tayo ay nakaharap sa medikal na kagipitan. Ang sistema ng medical care provision sa lungsod ng Sapporo ay nasa hangganan na.

Upang mapigilan ang pagkabigo ng sistema ng medical care provision, at upang protektahan ang buhay ng ating mamamayan, aming idini-deklara ang Kalagayang Emerhensya Medikal sa Siyudad Ng Sapporo.

Kami po ay muling humihiling sa mamamayan na sundin ang mga batayang hakbangin nang impeksyon, gaya ng paggamit ng Mask, pagdidisimpekta, at tamang distansya. Tangi pa rito, upang maiwasan ang karagdagang paglawak ng impeksyon, nakikiusap po kami sa mamamayan na iwasan o pigilin ang lumabas hangga't maari, at masusing paggawa ng hakbang upang mabawasan ang peligro ng impeksyon.

Ang pagdami ng impeksyon ay lubhang napakabilis kaysa dati, at ang sitwasyon ay malala, subalit masusi po kaming magtatrabaho kasama ang mga kaugnay na organisasyon at kikilos bilang iisa upang maprotektahan ang buhay ng mamamayan.

1 Paki iwasan po hangga't maaari ang paglabas-masok, pagbiyahe paalis at pabalik ng Lungsod ng Sapporo.

- Paki iwasan po ang paglabas-masok ng lungsod ng Sapporo, gayun rin ang pagbiyahe paalis at pabalik ng lungsod ng Sapporo hangga't maaari. Tiyakin ang pagtigil sa loob ng bahay, liban na lang kung may mahalagang paglabas, gaya ng pagpunta sa ospital o klinika, pag-eehersisyo/paglalakad para mapabuti ang kalusugan at mapanatili ito, pamimili ng pang araw-araw na pagkain o gamot o kaya ay ang pagpunta sa trabaho.
- Kung masama ang inyong pakiramdam, dagdag sa paglagi sa bahay, labis pong pag-iingat ang gawin upang maiwasan ang panganib ng impeksyon kung may pagkakataong may tao kang nakadaop na may mataas na peligrog taglay at malalang sintomas.

2 Mag-ingat at gumawa ng paraan upang mabawasan ang impeksyon habang kumakain o nakikipag-inuman.

- Habang kumakain at nakikipag-inuman, malamang na ang pagtanggap ng Mask ay mas dadalas, kaalinsabay nito ang peligro ng impeksyon mula sa Patak o Droplets. Upang maiwasan ang impeksyon, magtipon nang apat o mas kaunti pa, ugaliin ang "Moku Shoku" (tahimik na pagkain), mag-suot ng Mask habang nakikipag-usap, at iwasan ang pag-inom ng marami, malakas na boses, at mahabang oras nang pagtitipon.
- Lalo na sa Sapporo, iwasan ang pakikipag-ugnayan ng kainan o inuman sa mga taong hindi kabilang sa inyong pamilya (o kaya 'di kasamang naninirahan) hangga't maaari.